

Ang Pagtuklas sa Katutubo bilang Nagpapatuloy na Tropong Kolonyal sa Romantikong Nobelang *You're My Shining Star*

John Rey Dave P. Aquino

The Cordillera Review: Journal of Philippine Culture and Society 15 (1–2): 31–57.

<https://doi.org/10.64743/SWRA3356>

ABSTRACT

This paper engages in discovery as a trope that continues to characterize encounters with Indigenous People through a critical reading of the novel *You're My Shining Star* (2017), a romance pocketbook by Sofia inspired by the instant social media fame of Carrot Man (Jeyrick Sigmaton) in 2016. The trope of discovery is defined as a relentless act borne by colonialism which involves the (re)production of images of Indigenous People as historical artifacts. Because the novel represents indigeneity in this manner, it must be examined for its capacity to shape popular consciousness. The analysis focuses on the portrayals of Igorots as part of ongoing discovery, specifically through the three encounters between Sunny, the female protagonist, and the Igorot characters in the narrative composed of: Hero, the male protagonist; the Lambayans, members of an Indigenous community, and Carrot Man (Jeyrick Sigmaton), the novel's inspiration. The paper probes into the portrayals in the novel and points out the prevailing perspective on the Igorot as reminders of a precolonial past incapable of change and development. It also reveals that despite the novel's attempts to complicate the depiction of the Igorot as prehistoric, the notion of discovery which propels the narrative necessitates that the Indigenous must be situated in the past.

Inilalarawan ng papel na ito ang nagpapatuloy na pagtuklas sa Katutubo sa pamamagitan ng mapanuring pagbasa sa nobelang *You're My Shining Star* (2017) ni Sofia, isang romance pocketbook na pinukaw ng pagsikat ni Carrot Man (Jeyrick Sigmaton) noong 2016. Binibigyang-katuturan ang tropo ng pagtuklas bilang isang walang ampat na gawaing inianak ng kolonyalismo at kinasasangkutan ng (re)produksiyon ng mga imahen ng mga Katutubo bilang artifak ng kasaysayan. Lumalahok ang nobela sa tropong ito kaya mahalaga itong suriin bilang pagpuna sa representasyon

ng pagkakatatutubo na mayroong kapasidad na hubugin ang kamalayang popular. Nakatuon ang suri sa mga paglalarawan ng mga katutubong Igorot bilang bahagi ng nagpapatuloy na pagtuklas, partikular ang tatlong pagtatagpo sa pagitan ni Sunny, ang bidang babae, at mga tauhang Igorot sa naratibo na sina Hero, ang bidang lalaki; ang mga Lambayan, miyembro ng isang pamayanang Katutubo; at si Carrot Man (Jeyrick Sigmaton), ang inspirasyon ng nobela. Ipinakikita sa suri ang mga paglalarawan sa nobela na nagpapakita sa sabay na pagtanaw sa Igorot bilang paalala ng isang nakaraang prekolonyal at bilang mga entidad ng kasalukuyan ngunit walang kapasidad na magbago at umunlad. Bagaman mayroong mga pagtatangka ng pagtunggali sa paglalarawan ng Igorot bilang prehistoriko, mas matingkad ang nakaraan bilang lunan ng Katutubo sapagkat ito ang saligan ng tropo ng pagtuklas na siyang pangunahing salik ng naratibo.

Mga susing salita: Igorot, romance pocketbook, pagtuklas, Carrot Man, pagkakatatutubo

Keywords: Igorot, romance pocketbook, discovery, Carrot Man, indigeneity

Taong 2016 nang ipinaskil sa Facebook ni Edwina T. Bandong, isang lokal na turista mula Nueva Ecija na napadaan sa Bauko, Mt. Province, ang mga larawan ng isang binatang Igorot na may buhat na isang kaing ng mga karot. Ayon kay Bandong, patungo sila ng kanyang pamangkin sa Sagada nang mapansin nila ang “kakisigan ng binata, sa kabila ng kaswal na ayos nito habang nagtatrabaho” (Isla 2016, tal. 4). Nakasuot ang binata ng grey na hoodie habang inaalalayan ang kaing na nakapatong sa kanyang balikat. Natatakpan ng kanyang braso ang kanyang mukha, subalit sa isa pang larawan, makikita ang kalahati ng kanyang mukha na siyang pinansin ng mga netizen dahil sa kanyang kaaya-ayang hitsura. Binansagan ang binata bilang “Carrot Man” at naging viral ang kanyang mga larawan sa social media na siyang dahilan ng kanyang pagsikat.

Isang pambihirang pangyayari ang biglaang pagsikat ni Carrot Man. Bukod pa sa kanyang hitsura, naging salik din sa kanyang pagsikat ang kanyang pagkamisteryoso. Nais ng lahat na makilala kung sino siya, kaya nag-unahan ang iba’t ibang estasyon at network ng midya sa paghahanap sa kanya. Nanalo sa paligsahang ito ang Global Media Arts (GMA). Unang napanood si Carrot Man sa programang *Kapuso Mo, Jessica Soho* (KMJS) kung saan nagbigay siya ng panayam at nakilala bilang si Jeyrick Sigmaton, isang binatang magsasaka mula sa Barlig, Mt. Province. Dinala rin siya ng GMA sa Maynila kung saan napanood siya sa *Wowowin*, ang game show ng host na si Willie Revillame, at muling

naging viral ang episode ng kanyang pagdalaw dahil sa emosyonal na paglalalahad ng kanyang buhay sa nasabing palabas. Noong Hunyo ng parehong taon, inadap naman ang kuwento ng kanyang buhay sa isang episode ng seryeng pantelebisyon na *Magpakailanman* kung saan gumagana bilang Carrot Man si Jake Vargas. Nagkaroon din ng kontrata si Jeyrick bilang modelo ng clothing brand na *Boardwalk*. Noong 2021 naman, nanalo siya bilang Best Actor sa International Film Festival Manhattan para sa kanyang pagganap sa maikling pelikulang *Dayas* na idinirehe ni Jianlin De Los Santos Floresca.

Sa unang malas, tila isang positibong bagay ang 'pagkakatuksa' kay Carrot Man. Sa wakas, naitatanghal ang katutubong Igorot sa mas positibong pananaw, partikular bilang guwapo at kaakit-akit dala ng kanyang kahanga-hangang tugon sa payak na pamumuhay. Sa isang artikulo ni Carlo P. Isla (2016) tungkol sa panayam ni Carrot Man sa KMJS, nabanggit na panganay siya sa pitong magkakapatid at hanggang Grade 6 lamang ang kanyang natapos. Tumigil siya sa pag-aaral upang magtrabaho at makatulong sa kanyang pamilya bilang magsasaka. Nagustuhan ng mga netizen ang katangiang ito ni Carrot Man na makikita sa mga sumusunod na siping komento sa isang post sa Facebook page ng GMA News (2016):

Nakakaattract talaga ang mga lalaking tulad niya na family oriented at proud sa lahi na meron siya

He is worth it na maging trending yong picture nya DAHIL hindi lang sa kagwapohan nya pero very humble ang pagkatao nya HINDI MAYABANG at very MASIPAG pa cya!!

May lesson namn dto eh, hindi yung cute lng sya, pogi o whatever. Yung kahit mahirap o natigil s pag aaral si carrot man di niya kinakahiya ang trabaho nya na magbuhat ng carrots para mktulong s pmilya.

Kung sa panig naman ng mga netizen na Igorot, nagkaroon sila ng pagkakataong ipagmalaki ang kanilang identidad bilang Igorot na makikita sa mga sumusunod na siping komento:

Nakaka proud Ka carrot man. Proud din kaming mga igorot dito Sa Israel at saan man lupalop nang mundo!

BIBAK-MOSCOW SUPPORTS YOU JEYRICK,, PROUD TO BE PURE BLOODED IGOROT,,

Normal na talaga sa lahi namin yang ganyang itsura.

Sa kabila ng mga positibong imahe tungkol kay Carrot Man kasama na rin ang mga taong kanyang kinakatawan, aking igigiit na maiuugnay ang mga imaheng ito sa kolonyal na paglalarawan sa mga katutubong Igorot. Ayon kay William H. Scott (1974),

ang pinakamalubhang bunga ng pagkatuklas sa mga Igorot ay mas banayad, mas kalunos-lunos at mas pangmatagalan—ang paglikha ng kaibahan sa pagitan ng mga Pilipinong tagapatag at tagabundok na pinaghambing ang pagpapahinuhod, pagbabagong-loob, at sibilisasyon sa isang banda laban sa pagsasarili, paganismo, at kabangisan ng isa pa (7, akin ang salin).

Dahil sa salungatang ito, tumatak at namayani hanggang sa kasalukuyang kamalayang popular ang imahen ng katutubong Igorot bilang atrasado at hindi sibilisado. Sa pamamagitan ng mga kultural na artifak gaya ng panitikan, midya at mga mito, naging naturalisado sa kamalayang popular ang ganitong negatibong representasyon bilang bunga ng kolonyalismo. Kung hindi naman negatibo, ang alternatibo ay *kawalan* ng representasyon, dahilan upang maiwaglit ang katutubong Igorot sa kasaysayan ng bayan, gaya ng hindi pagkilala sa kanyang pagsupil sa ilang beses na pagtatangka ng imperyong Espanyol na sakupin ang kanyang lupain, o sa pagsasawalang-bahala sa kanyang karapatan sa lupang ninuno tuwing mayroong mga proyektong pang-imprastruktura sa ngalan ng kaunlaran.

Kaya naman masasabing nakasandig sa pagkakaiba ang mga nabanggit na imahen ni Carrot Man kung saan napansin siya dahil sa mga katangiang hindi inaasahan. Ipinaliwanag nina Ashcroft, Griffiths at Tiffin (2025) ang kaibahang ito sa pamamagitan ng konsepto ng exoticismo na nagsasabing ang kaibahan ng Katutubo at di-katutubo ay nagbibigay ng mga “konotasyon ng masigla o kasabik-sabik na pagkakaiba” (153, akin ang salin). Kaya naman lumilitaw ang mga komentong gaya ng nakalap ni Telles (2023) tungkol kay Carrot Man: “he doesn’t look like an igorot kasi matangos ang ilong” [sic] o “wala sa itsura niya [ang pagiging Igorot]” (107).

Sa pagsusuri ni Terry Goldie (1989) sa mga panitikan ng Australia, Canada, at New Zealand, tinukoy niya ang mga karaniwang imahen sa paglalarawan sa mga katutubo. Tinawag niya ang mga ito bilang mga istandard na komoditi (standard commodities) kung saan isa ang seksuwalidad. Sa kaso ng Katutubong lalaki bilang “tagabihag, ang phallic na galit ng ilahas” (84, akin ang salin), mahigpit ang kaugnayan ng kanyang seksuwalidad sa karahasan, isa pang komoditi. Dahil isa siyang “mabangis na katutubong lalaki”, ayon sa significasyong Kanluranin at puti, mapanganib ang isang relasyong seksuwal sa pagitan ng isang puti at isang marahas na Katutubo. Sa proyekto ng

kolonyal na representasyon, ang pangunahing tungkulin ng Katutubo ay bilang sagisag ng takot, partikular ang takot ng mga puti o white fear. Sa kabilang banda, inilalarawan din siya bilang “incubus na ahente ng pagpapalayang feminista, isang indigenizer na kapantay ng kanyang mga kapatid na babae” (Goldie 84, akin ang salin), at kung gayon sinasalamain din ng Katutubong lalaki ang kapasidad ng pagtunggali sa diskurso ng imperyo.

Mayroong pagkakapareho ang nabanggit na halimbawa ni Carrot Man sa suri ni Goldie sa komoditi ng seksuwalidad: pinagnanasaan ang Katutubong katawan. Subalit naiiba rin ang kaso ng Katutubong lalaki na Igorot sa komoditi ng karahasan ayon kay Goldie. Bagaman exotic ang pagtingin kay Carrot Man, sibilisado at maamo (tamed) rin ang turing sa kanya dahil sa kanyang kagwapuhan na nagbigay sa kanya ng pagkakataong makilala o sumikat. Tila salungat ito sa naunang nabanggit na namamayaning imahen ng Igorot bilang mabangis at di-sibilisado, kaya maaaring sabihin na bukod sa (o sa halip na) takot, pagkabighani at pagnanasa ang tugon sa lalaking Igorot, dahilan upang siya ay gawing obheto ng pagtuklas (discovery).

Sa aking palagay, kaiba itong tropo ng pagtuklas sa mga paloob o pansariling paglalarawan ng mga Katutubo sa kanilang (mga) identidad at realidad ayon sa pagkakakilala sa kanilang (mga) sarili. Ilan sa mga halimbawa nito ang matatagpuan sa produksiyon ng mga Igorot ng musikang popular at pelikula. Halimbawa, ayon kay Jimmy B. Fong (2007), nailalarawan ng mga Igorot ang kanilang sarili sa pamamagitan ng mga kantang ipinoprodyus at ipinapalaganap ayon sa mga trend ng kapitalistang merkado. Dagdag pa niya, makikita sa musikang popular ng mga Igorot kung paano nila hinaharap ang pagbabago at modernidad, partikular sa edukasyon, relihiyon, politika, ekonomiks, kasal at pamilya, at iba’t ibang anyo ng mga nasabing institusyon. Sa pag-aaral naman ni Scott Magkachi Saboy (2012) sa Kalinga ethnopop, isang umuusbong na anyo ng musika na pinangunahan ng bandang The Living Anitos (TLA), nailalangkap ang ulla-lim, isang oral na tradisyon sa Kalinga, sa paglikha ng musikang popular. Pinunto niya na sa genre na ito nagaganap “ang pag-angkop hindi lamang sa mga katangiang musikal at naratibo ng ulla-lim kundi maging sa mga kawalang-hustisyang nagaganap sa ngalan ng tradisyon” (52, akin ang salin), samantalang nagbibigay din ng pasilip sa “pagiging masalimuot ng mga tensiyon at tunggaliang isinasangkot sa artikulasyon” (58, akin ang salin) ng etnisidad ng Kalinga.

Samantala, sa larang naman ng pelikula, siniyasat ni Ruth M. Tindaan (2010) ang mga imahen ng Igorot sa mga pelikulang nilikha ng mga Igorot, kung saan lumilitaw na nagsisilbi itong paraan ng paglalarawan-sa-sarili (self-representation) tungo sa “pag-aambag ng mga bagong perspektiba at di-karaniwang pagtanaw na lumilikha ng lalong mataas na diversidad” (83, akin ang salin) sa industriya

ng pelikula. Una niyang sinuri ang imahen ng Igorot sa pelikulang mainstream kung saan umiiral ang mga tropo ng animalisasyon at infantilisasyon. Tumutukoy ang una sa paglalarawan sa Igorot bilang marahas at mabangis, samantalang tumutukoy naman ang ikalawa sa paglalarawan sa kanya bilang pasibo, peripheral, at mababaw mag-isip. Isa naman itong halimbawa ng ikalawang anyo ng pagtuklas dahil mula ito sa punto-de-bista ng di-katutubo. Kung gayon, maaaring tunggaliin ito ng pelikulang nilikha mula sa punto-de-bista ng Igorot sa pamamagitan ng mga tauhang Igorot na may ahensiya bilang mga indibidwal, at may pagkiling sa kapayapaan sa halip na karahasan. Gayunpaman, maaari ding maging kulang ang representasyon ng mga pelikulang Igorot dahil itinataguyod din dito ang mga stereotype tungkol sa Igorot sa anino rin ng mga tropo ng animalisasyon at infantilisasyon. Matatanaw ito sa paglalarawan ng mga pelikulang Igorot sa kanilang sariling relihiyon o paniniwala bilang atrasado, o sa 'pagliligtas' ng di-katutubo sa Katutubo.

Nakatuon naman si Jason Paolo Telles (2020) sa proseso ng produksiyon ng pelikula sa Kordilyera, partikular sa Baguio, Benguet, at Mountain Province. Aniya, mayroong tatlong uri ng motibasyon at limitasyon ang industriyang ito. Una, ang motibasyong ekonomiko na makapagpatubo ng kita at ang limitasyong ekonomiko ng pagbaba ng bilang ng tagapanood. Dahil dito, madalas na pumipili ang mga lokal na filmmaker ng mga tema o kuwentong makahihikayat ng malaking bilang ng tagapanood. Ikalawa naman ang motibasyong politikal na tumutukoy hindi lamang sa kontrol ng gobyerno kundi sa papel rin ng mga institusyon. Nagsisilbing motibasyong politikal ang mga adbokasiyang panrelihiyon na nag-aanak ng mga pelikulang mayroong tema ng Kristiyanong moralidad. Samantala, nagsisilbi namang limitasyong politikal ang regulasyon ng gobyerno nang maghigpit ang Optical Media Board (OMB) tungkol sa pagbebenta ng mga blangkong VCD at DVD laban sa piracy. Dahil dito, tumaas ang presyo ng mga ito at nabawasan ang akses ng mga lokal na filmmaker. Pinakamahalaga ang ikatlong uri ng motibasyon at limitasyon sa papel na ito, ang kultural na may kaugnayan sa proyekto ng representasyon. Sa isang banda, nagsisilbi itong motibasyon dahil sinasalamain ng mga lokal na pelikula sa Kordilyera ang (mga) kultura ng mga prodyuser at konsyumer nito na ang marami ay Katutubo rin. Nagiging tulay din ito sa promosyon ng (mga) Katutubong kultura. Sa kabilang banda, hindi nagbigay si Telles ng limitasyong kultural sa produksiyon ng pelikulang Igorot.

Sa mga nabanggit na pag-aaral, may iba't ibang pagtatangka ang mga Katutubo na ilarawan ang kanilang sarili. Nais kong pag-ibahin ang paglalarawan-sa-sarili at ang tropo ng pagtuklas. Sa pagtuklas, ang Katutubo ang tinutuklas bilang obheto-subheto at ang di-katutubo ang tumutuklas sa pamamagitan ng paglalarawan sa mga Katutubo.

Isang halimbawa ng tropo ng pagtuklas ang *You're My Shining Star* (2017), ang unang nobela sa isang serye ng mga romantikong nobela na may kolektibong pamagat na *Finding Carrot Man* ni Sofia. Inilathala ang serye noong 2017 ng Precious Pages Corporation (PPC), ang tagapaglimbag ng popular na imprentang Precious Hearts Romances. Maliban sa *Finding Carrot Man*, inilimbag din ng PPC ang iba pang seryeng romantiko gaya ng *Stallion*, *Stallion Island*, at *Skylander*. Gaya ng seryeng *Finding Carrot Man*, nakalunan din ang seryeng *Skylander* sa Kordilyera. Umiiikot ang naratibo ng *Finding Carrot Man* sa personahe ni Carrot Man at magkakaugnay ang kuwento ng bawat nobela sa serye. Isa itong kinatang bersiyon ng totoong kuwento ng pagkakatuksay kay Carrot Man.

Sa *You're My Shining Star* (2017), mababasa ang pagkakatuksay kay Carrot Man dahil sa pagiging viral ng kanyang larawan sa social media na ipinaskil ni Sunny, ang bidang babae. Tumutukoy ang pamagat nito sa pagnanais ni Sunny na mapasakanya si Carrot Man, subalit naipagkamali niya ang nasabing binata sa isa pang binata, si Hero, na siyang leading man ng kuwento. Sumunod dito ang ikalawang nobela na *Mine From the Start* (2017), ang ikatlong nobela na *He's The One* (2017), at ang huling nobela na *Forever Means By Your Side* (2017). Bagaman magkakaiba ang mga magkatambal na tauhan sa bawat nobela, bawat bidang babae ay mayroong pagsinta o kaugnayan kay Carrot Man na siyang sentro ng naratibo.

Nakatuon ang papel na ito sa unang nobela ng serye, ang *You're My Shining Star*, upang suriin kung paano inilalarawan ng nobela ang pagkakatuksay sa katauhan ng mga Igorot. Dahil dito, halinhinan kong gagamitin sa papel ang Katutubo at Igorot. Layunin ng papel na basahin ang nobela ayon sa tropo ng pagtuklas sa (mga) Katutubo. Unang sinipat ang pag-uugat ng kolonyalismong Europeo sa pagtuklas at ang umusbong na tropo ng pagtuklas sa paglalarawan sa mga Katutubo. Ginamit bilang halimbawa ng tropo ng pagtuklas ang mga paglalarawan sa nobela ng mga ugnayan sa pagitan ni Sunny, ang bidang babaeng kumakatawan sa di-katutubo, at ng mga Katutubong tauhang lalaki at babae: si Hero, ang kanyang iniibig na lalaki; ang mga Lambayan, isang pamayanang Igorot; at si Jeyrick Sigmaton/Carrot Man, ang lalaking nag-viral sa social media dahil sa litratong kinuha ni Sunny. Batay sa mga paglalarawang ito, inihahapag ang pagtuklas bilang isang nagpapatuloy na gawain na may nagsasalungatang layunin: ang pagtuklas ay nagpapanatili sa mga Katutubo sa nakaraan bilang mga labi ng kasaysayan sa kabila ng mga pagtatangkang ilarawan ang kanilang kultura at karanasan nang may pagtanaw sa kasalukuyan.

Piniling limitahan ang pagsusuri sa unang nobela dahil pinakamatingkad dito ang ugnayan sa pagitan ng Katutubo at di-katutubo; bagaman may kaugnayan ang bawat bidang babae ng apat

na nobela kay Carrot Man, sa unang nobela nagsisimula ang misteryo ng Katutubo na siyang pangunahing dahilan ng popularidad ni Carrot Man, at kung gayon ay nagsisilbi itong lagusan sa pagtuklas sa Katutubo. Kaakibat nito, ipinagpapalagay din sa pag-aaral na, bilang isang tekstong popular, maaaring mag-ambag o sumalungat ang nobela sa namamayaning imahen ng Igorot sa kamalayang popular.

Mahalagang bigyan ng kaukulang pansin ang paglalarawan ng pagkakatatutubo sa *You're My Shining Star* dahil sa kinabibilangang genre nito bilang romance pocketbook. Ayon kay Patricia May B. Jurilla (2008), inililimbag ang mga Tagalog romance pocketbook para sa kababaihang nabibilang sa mababang-gitnang uri at mataas-na-mababang uri at isang katangian nito ang pansamantalang katuparan ng mga pantasya at pangarap ng mga mambabasa. Halimbawa, isa sa mga katangian ng genre na ito ang positibong representasyon ng malaya't matapang na heroine (McAlister, Parnell, at Trinidad 2023), isang malinaw na ambag sa mapagpalayang layunin ng pagkakapantay-pantay sa kasarian. Kung gayon, malawak ang inaasahang naaabot ng mga nobelang ito pagdating sa bilang ng mambabasa. Subalit sa kaso ng seryeng *Finding Carrot Man*, bukod sa pagharaya ng hinaharap ng kababaihan, mayroon ding pagtatangka sa pagtuklas sa Katutubo sa pamamagitan ng paglalarawan o representasyon. Bagama't laganap ang mga paglalarawan sa Katutubo sa iba't ibang genre at anyo ng panitikan at midya, bihira naman ito sa genre ng popular romance kaya mainam na basahin ang *Finding Carrot Man* bilang lunsaran ng tropo ng pagtuklas sa kinabibilangan nitong genre. Bagaman mayroong mga naunang nobela ang may-akdang si Sofia na nakalunan sa Kordilyera, pinili kong magtuon sa *You're My Shining Star* dahil nakaugat ito sa pagkakatuksa kay Carrot Man na, sa aking pagtingin, ay isang mahalagang sandali sa paghubog sa imahinasyong popular tungkol sa mga Katutubo lalo na sa kontemporaryong panahon.

Ang Pagtuklas at Kolonyalismo

Nagsimula ang kolonyalismo sa Doktrina ng Pagtuklas (Doctrine of Discovery). Ayon kay Robert J. Miller (2011), ang Doktrina ay isang internasyonal na panuntunang legal na nagpahintulot sa mga Europeo at Kristiyanong bansa na galugarin at angkinin ang mga lupain at teritoryong matutuklasan nila sa labas ng kanilang kontinente. Binigyan din nito ng karapatan ang mga Europeo na ipataw ang kanilang awtoridad sa mga Katutubong naninirahan sa mga lupaing ito. Bilang internasyonal na batas ng pagpapalawig at kolonyalismong Europeo, naging sanhi ang doktrinang ito ng Panahon ng Pagtuklas (Age of Discovery) mula ika-15 hanggang ika-17 siglo. Sa yugtong ito ng pandaigdigang kasaysayan, naglakbay ang mga Europeong puti mula sa kani-kanilang bansa tungo sa mga bayang magiging kolonya.

Sa ngalan ng paggalugad at paglalakbay, inangkin ng mga Europeong ito ang mga “natuklasan” nilang bayan sa ngalan ng kanilang mga monarka at ng relihiyong Kristiyanismo sa ilalim ng Simbahang Katoliko.

Nagbigay si Miller ng sampung elemento ng pagtuklas. Una, nabibigyan ng karapatan ang mga Europeo sa mga teritoryong kanilang matutuklas na hindi natuklas ng iba pang Europeo ayon sa prinsipyo ng unang pagkakatuks (first discovery). Ikalawa, nagaganap ang aktuwal na okupasyon at kasalukuyang pag-aari ng lupain sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga muog at pamayanan. Sa pagtatagal ng okupasyon, maaaring makamit ng tumuklas ang karapatang bilhin ang lupa ng mga Katutubo, ang ikatlong elemento. Kinikilala nito ang karapatan ng mga Katutubo sa kanilang lupa, na siyang ikaapat na elemento, bagaman ang karapatan lamang ng Katutubo ay ang okupahin at gamitin ang lupain. Sa sandali ng unang pagkakatuks, nawawalan sila ng karapatan sa lupain bilang pag-aari; sa halip, ang karapatang ariin ang lupain ay tanging sa mga Europeo. Kaugnay nito, ang ikalimang elemento ay ang limitasyon sa soberanya at karapatang komersiyal ng mga Katutubo; hindi maaaring makipag-ugnayan at makipagkalakalan ang mga Katutubo sa iba pang kolonyalistang bayan maliban sa “tumuklas” sa kanila.

Ikaanim, ang kalapitan (contiguity) ay isang prinsipyong nagtatakda na maaaring angkinin ng mga Europeo ang mga lupain na katabi o malapit sa kanilang mga pamayanan. Mahalaga ito para sa mga pagkakataong may magkakalapit na pamayanang itinayo. Samantala, ang terra nullius, ang ikapitong elemento, ay tumutukoy naman sa lupaing hindi okupado upang katwiran sa pagtuklas. Bagaman dapat salungguhan na mayroong mga lupaing inookupa ng mga Katutubo subalit itinuring pa rin bilang hindi okupado. Ang ikawalong elemento ay ang di-pantay na pagtrato sa pagitan ng mga Kristiyano at di-Kristiyano sa usapin ng karapatan sa lupa, soberanya at sariling pagpapasya. Kaugnay nito, mayroon ding idea ng pagiging superyor ng Europa bilang sibilisasyon at inferyor ng mga Katutubo na walang sibilisasyon, ang ikasiyam na elemento. Huling elemento ang ‘pananakop’ (conquest) na nagbibigay-karapatan sa mga Europeo na palawigin ang kanilang kolonya sa pamamagitan ng kapangyarihang militar.

Ayon naman kay Jyostna G. Singh (1996), ang “motif” ng pagtuklas ay lumilitaw sa wika ng kolonyalismo na nagpahintulot sa mga Europeong manunulat-manlalakbay na ilarawan ang mga natuklasang lupa bilang bakante. Inangkin ng mga Europeo ang karapatan sa teritoryo at ipinataw din ang kanilang linggwistiko at kultural na gahum sa mga Katutubo. Sa konteksto ng kolonyalismong Briton sa India, ani Singh, nagbabago at maramihang kahulugan ang tropo ng pagtuklas na ginagamit sa proyekto ng kolonisasyon, gaya

ng pagpapataw ng sibilisasyon at pagturing sa mga subhetong Indian bilang iba (other). Maaari namang ilapat ito sa konteksto ng Pilipinas kung saan nagbago na rin ang mga kalakaran sa pagtuklas kaugnay ng pagtataguyod ng mga kolonyalistang “discoverers” sa mga mailap (intractable) na kolonyal na binarism sa pagitan ng sibilisasyon at barbarism, tradisyon at modernidad, at Kristiyanismo at hindi nabinyagan (heathenism). Hindi ito malayo sa mga nabanggit ni Scott na bunga ng pagkatuklas sa Igorot na nag-iiba sa pagpapahinuhod ng mga tagapatag at pagsasarili ng mga tagabundok. Sa unang kabanata ng kanyang aklat, inilarawan ni Singh kung paanong binuo ang heograpiko, politikal at hinarayang espasyo ng India sa pamamagitan ng mga sulatin gaya ng mga dokumento ng East India Company at mga journal at liham ng mga opisyal na Briton. Ito ang tinatawag kong ‘lumang’ moda ng pagtuklas dahil ang mga talâng ito ang pinag-uugatan ng mga pag-iiba sa Katutubo at di-katutubo.

Nais ko ring salungguhan ang mahalagang obserbasyon ni Singh tungkol sa nagpapatuloy na pag-iral ng mga binarism na nabuo sa panahon ng kolonyalismo:

Subalit bakit nga ba nagtatagal ang kolonyal na paradigm, at nakapagtatamo pa nga ng isang madalian at kontemporaryong bisà? Sa malinaw na paliwanag, ipinakikita nito kung paano namamalagi ang mga aspekto ng wika ng kolonisasyon—gaya ng mga tropo ng pagtuklas, sibilisasyon, at pagsagip, lagpas sa klasikong panahong kolonyal at patuloy nitong nakukulayan ang ating pag-unawa sa di-Kanlurang bahagi ng mundo. (Singh 1996, 4, akin ang salin)

Kung gayon, mailap ang mga binarism na ito dahil nakasalalay ang mga ito sa paggamit ng wika, isang entidad na hindi maaaring takdaan ng hangganan dahil walang katapusan ang mga posibilidad ng paggamit nito. Gayunpaman, para sa akin, itong mismong pagkarami-rami ng posibilidad ng paggamit ng wika ang siya ring maaaring gamitin upang harapin, kung hindi man tunggaliin, ang mga binarism na ito sa kontemporaryong panahon.

Batay sa mga talakay nina Miller at Singh, ang pagsasantabi sa mga Katutubo at kanilang karapatan at ugnayan sa lupang ninuno ay bunga ng pagtuklas. Maaari pa ngang igiit na isang misnomer ang salitang “pagtuklas” o “discovery” dahil hindi naman natuklasan ng mga Europeo ang mga lupaing kanilang sinakop. Isang mito halimbawa ang pagkakatuksan ni Christopher Columbus ng Bagong Daigdig (New World), na ngayon ay haligi ng pambansang mitolohiya ng Estados Unidos, dahil mayroon nang iba’t ibang grupo ng mga Katutubo doon bago pa man “matuklasan” ng mga puti ang naturang kontinente.

Kung babaling naman sa pagkakatatutubo, ayon kay Molintas (2001), dalawa sa mga natatanging katangian ng mga Katutubong lipunan ang ekonomiyang nakatuon sa kabuhayan at ang pagkakaroon ng espesyal na ugnayan sa kanilang lupang ninuno. Ipinapaliwanag ng mga ito kung bakit ipinaglalaban ng mga Katutubo ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasya:

Ang ubod ng kaibahan ng Katutubo sa hindi ng populasyon ay ang kanilang konsepto ng lupa bilang ipinagkaloob at ipinagkatiwala ng isang Lumikha na pagkukuhanan, payayabungin, pangangalagaan at pakikinabangan ng lahat. (Molintas 2001, 275, akin ang salin).

Para sa mga Katutubo/Igorot, buhá ang lupa at búhay ang lupa. Kung gayon, itinuturing nilang bahagi ng kanilang identidad, kultura, at kasaysayan ang lupang kanilang nililang at itinuturing na tahanan. Nakatali ang kanilang búhay sa lupa, at bilang bahagi ng kanilang buhá na kasaysayan, mayroon din silang responsibilidad bilang mga tagapangalaga ng kapaligiran dahil “[i]ginagalang sa katutubong lipunan ang ugnayan ng pamayanan at mga rekursong likas para sa kalinangan at kaligtasan” (Solang 2017, 50; akin ang salin).

Nais kong ihapag ngayon ang “tropo ng pagtuklas” bilang danas ng mga Katutubo sa Pilipinas, at maaaring sa buong mundo, sa kontemporaryong panahon. Hindi malaki ang kaibahan nito sa “lumang pagtuklas” sa panahon ng kolonyalismo kung saan itinalâ ng mga di-katutubo ang kanilang mga palagay tungkol sa mga Katutubo ayon sa kanilang obserbasyon at pakikipag-ugnayan. Pareho ang layon ng “lumang pagtuklas” at ng “tropo ng pagtuklas”: ito ang pag-iiba (othering) sa Katutubo. Pareho rin ang may-akda ng dalawa: ang mga di-katutubo. Subalit dahil walang ampat na gawain ang pagtuklas, at tinutuklas pa rin ang mga Katutubo hanggang sa kasalukuyan, naiiba ang lumang pagtuklas sa makabagong tropo ng pagtuklas ayon sa tuon ng huli sa “prehistoriko” (prehistoric) bilang istandard na komoditi ng pagkakatatutubo, alinsunod kay Goldie (1989).

Sa komoditing ito, sabay ang pagiging historikal at ahistorikal ng semyotikong larang ng Katutubo. Historikal ito dahil nilalaman nito ang isang pag-unawa sa ‘historikal na halaga’ (historical value) ng pagiging Katutubo bilang bahagi ng pagkakabuo ng isang bansa. Samantala, ahistorikal din ito dahil itinatanggi ang mga diachronic na pagbabago at pinapaboran ang synchronic na imahen ng mga Katutubo. Ibig sabihin, sa isang banda, kinikilalang kaugnay ng mga Katutubo ang nakaraan at kasaysayan ng isang bayan, subalit hindi naman kinikilala ang posibilidad ng pagbabago para sa mga Katutubo. Kung gayon, ang tropo ng pagtuklas ay ang produksiyon at reproduksiyon ng mga imahen ng mga Katutubo bilang alaala ng isang

prekolonyal na nakaraan, bilang mga “artifak ng kasaysayan, isang labí ng gintong panahon na tila malabo ang kaugnayan sa alinman sa kontemporaryong panahon” (Goldie 1989, 17; akin ang salin).

Mayroong iba’t ibang kalakaran sa tropo ng pagtuklas at, sa aking palagay, mas malaganap ito kaysa sa paglalarawan-sa-sarili dahil ang mga imaheng inianak nito ang siyang itinataguyod ng mga kapwa di-katutubo ng isang may-akda. Sa ilang pagkakataon, itinataguyod din ito ng mga Katutubo dahil ito ang namamayaning imahinasyon at imahen nila na itinataguyod sa pamamagitan ng wika ng kolonisasyon, alinsunod kay Singh (1996). Isang pagtatangka ang pag-aaral na itong bumuo ng isang pag-unawa sa tropo ng pagtuklas at iginigiit ang nagpapatuloy nitong pag-iral sa paglalarawan sa mga Katutubo hanggang sa kasalukuyan. Nakaangkla rin ito sa pagsusuri ng mga paglalarawan sa Igorot sa romantikong nobelang *You’re My Shining Star*, isang tekstong katatagpuan ng mga paglalarawan sa mga Katutubo at ang kanilang inookupang puwang sa panitikan at kulturang popular.

Ang Pagtatagpo ng Katutubo at Di-Katutubo

Sa nobelang *You’re My Shining Star*, si Sunny ay isang litratistang tagapatag na sumali sa isang kompetisyon sa pagkuha ng litrato kung saan ang mga lahod na larawan ay itinampok sa isang eksibit sa Lungsod ng Baguio. Bawat bisita sa nasabing eksibit ay maaaring magbigay ng isang bituin sa kanilang nagustuhang larawan. Dito niya nakilala ang isang lalaking nagbigay ng isang bituin sa litratong inilahok niya sa kompetisyon. Sa sandaling iyon, nabihag ng pag-ibig si Sunny, kaya hulog ng langit nang makita niyang muli ang binata sa Bauko, Mt. Province. Kinunan niya ang nasabing binatang nakasuot ng grey na hoodie at may buhat na isang kaing ng karot, at ipinangako ni Sunny na “[s]isiguruhin niyang hindi ito makakawala sa kanya” (31).

Bagaman hindi niya naipakilala ang sarili sa kanyang shining star sa Bauko, ipinaskil naman niya ang mga kinunang litrato sa Facebook na naging viral. Marami ang nagpahayag ng pagkamangha sa kagwapihan ni Carrot Man, dahilan upang maging possessive si Sunny. Hindi pumayag si Sunny na maunahan siya ng kahit sinong babaeng may gusto kay Carrot Man at muli siyang pumunta sa Mt. Province upang lubusang kilalanin si Carrot Man. Dito niya natagpuan si Hero, ang lalaking nagbigay ng isang bituin sa kanyang larawan, subalit hindi maganda ang naging tugon ng kanyang shining star nang muli silang magkita: “Damn it! I have a stalker” (66). Itinanggi rin ni Hero na siya si Carrot Man. Nasaktan si Sunny sa sinabing ito ni Hero at nagpatuloy ang pagtangi ni Hero sa pag-ibig ni Sunny sa mga susunod na kabanata ng nobela kung saan nagsilbing photographer si Sunny para sa librong isinusulat ni Hero tungkol sa mga Lambayan.

Kalaunan, nahulog din ang loob ni Hero kay Sunny at naging magkasintahan sila. Subalit pagbalik nila sa Baguio, sinalubong sila ng mga reporter upang makapanayam si Sunny tungkol kay Carrot Man. Napagtanto ni Sunny na naipagkamali niya si Hero kay Carrot Man; hindi si Carrot Man ang lalaking nagbigay sa kanya ng isang bituin. Magkahawig lamang sina Hero at Carrot Man. Naging opisyal namang photographer si Sunny ni Carrot Man o Jeyrick. Naeskandalo din siya dahil sa mga tsismis na siya ang naging dahilan kung bakit naghiwalay sina Carrot Man at ang kanyang girlfriend nang kumalat sa internet ang isang litrato nila ni Hero. Gayunpaman, mabilis itong naresolba at nanatiling magkasintahan sina Hero at Sunny sa pagtatapos ng nobela.

Nagsisimula ang tropo ng pagtuklas sa pagtatagpo ng Katutubo at di-katutubo, at mayroong tatlong pagtatagpo sa *You're My Shining Star*. Una, ang pagtatagpo nina Sunny at Hero bilang magkasintahan. Sa pagsusuri ni Rachel Pitlongay (2019) ng maikling kuwentong "The Girl from Bauko" ni Yolanda Ablang, seryeng pantelebisyon na *Forevermore*, at pelikulang *Don't Give Up on Us*, ginamit niya ang konsepto ng contact zone na tumutukoy sa "kahit anong espasyo o pangyayari kung saan nagtatagpo ang mga kultura" (45, akin ang salin) na maaaring nananatiling hiwalay o nagkakaroon ng malalim na ugnayan. Sa mga nabanggit na tekstong kultural, nagsisilbing contact zone ang pag-ibig o mga romantikong relasyon, partikular sa konteksto ng magkaibang kultura ng mga "katutubong tagabundok" at mga "kolonisadong tagapatag". Aniya, maaaring mailunan ang pagtatagpo ng mga kultura sa tatlong lével ng ugnayan. Una ang komprontasyon (confrontation), kung saan "pinapanatili ang asimetrikal na ugnayan at salungatan ng kapangyarihan sa pagitan ng mga kultura;" ikalawa ang palitan (exchange), kung saan "mayroong tila pagsasalin ng mga halagahan o paniniwala, bagaman walang nabubuon dayalogo sa pagitan ng dalawang kultura;" at ikatlo ang pakikipag-ugnayan (kinship), kung saan "pinahihintulutan ng ugnayan sa pagitan ng dalawang kultura ang isang nagpapatuloy na proseso ng negosasyon at transpormasyon" (45, akin ang lahat ng salin). Ipinakikita ng kanyang suri na balakid ang dikotomiyang tagapatag-tagabundok sa pagbuo ng mga relasyong romantiko sa pagitan ng dalawang tauhang nabibilang sa magkaibang mundo't kultura.

Subalit hindi umiiral ang tunggaliang tagapatag-tagabundok sa pagitan nina Sunny at Hero. Ibig sabihin, hindi naging balakid sa pag-iibigan nina Sunny at Hero ang pagkakaiba ng kanilang kinalakihang mundo; sa halip, ang pangunahing tunggalian sa pagitan nila ay mistaken identity dahil ipinagkamali ni Sunny si Hero kay Carrot Man. Kung mayroon man silang hindi pagkakaunawaan, pagkakaiba ito ng kanilang personalidad bilang mga indibidwal na maaring nakabatay o hindi sa kanilang kultura.

Isang maaaring paliwanag kung bakit hindi lumilitaw ang

tunggaliang ito ay dahil hindi tahasang inilalarawan si Hero bilang Igorot. Gayundin, hindi niya tinutukoy ang sarili bilang Igorot, bagaman mababasa sa nobela na Igorot si Hero ayon sa kuwento ng kanyang Lola Carolina na galing sa Sagada, Mt. Province ang kanilang pamilya, at ang kanilang mga ninuno. Samantalang hindi binabanggit ang pagkakatatubong ni Hero, nakatuon ang kuwento sa kanyang adbokasiya sa pagtatalâ ng pamumuhay at kultura ng mga katutubong Igorot. Tinanggap ni Hero ang kanyang digri sa antropolohiya mula sa University of Toronto sa Canada. Kumuha siya ng mga yunit para sa local anthropology sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio, at nagsimulang manaliksik tungkol sa mga katutubo ng Kordilyera. Ayon kay Lola Carolina, “‘Ayaw niyang [Hero] tuluyang mabaon sa limot ang kultura ng mga tao sa Pilipinas, lalo na ng mga Igorot dahil unti-unti nang nilalaman ng globalisasyon”” (Sofia 2017, 53).

Walang tunggalian sa aspekto ng kultura sa pagitan ng tagapatag na si Sunny at tagabundok na si Hero dahil *hindi magkaiba* ang kanilang mundo. Pareho silang nagtapos sa kolehiyo at mga propesyonal, at parehong nanggaling sa maykayang pamilya; si Sunny ay anak-salabas ng isang politiko, samantalang si Hero ay may lolang nagmamay-ari ng wine shop at pinsang inapo ng isang bilyonaryo. Pareho rin silang nakikilahok sa pakikipagdiskurso tungkol sa katutubong Igorot: si Hero bilang antropologo at mananaliksik, at si Sunny bilang litratista. Kung gayon, hindi mailalarawan ang pag-iibigan nina Sunny at Hero ayon sa tatlong lével ng ugnayan na tinukoy ni Pitlongay (2019)—hindi ugnayang tagapatag-tagabundok ang pagtatagpo sa pagitan nilang dalawa. Bagaman galing sa isang Katutubong angkan si Hero, hindi siya kakikitaan ng mga katangian ng Katutubo bilang artifak ng kasaysayan. Sa halip, siya mismo ay lumalahok sa pagtuklas bilang antropologo, at bilang bahagi ng kanyang adbokasiya.

Sa isang banda, maaaring sabihin na dahil walang kaibahan sa pagitan nila, hindi na kaakit-akit si Hero kay Sunny. Subalit hindi ito makikita sa nobela; sa halip, desidido si Sunny sa halos kabuoan ng nobela na subukang mapagaan ang loob ni Hero sa kanya at maging magkasintahan sila. Ang kanilang pagtatagpo bilang parehong di-katutubo ay pagtataguyod ng likás na kaayusan kung saan nananatiling hiwalay ang di-katutubo mula sa Katutubo, kahit pa nagtagpo at nahulog sila sa isa’t isa sa Kordilyera na lupain ng mga Igorot.

Ang Katutubo bilang Labí ng Kasaysayan

Habang nahuhulog naman sina Sunny at Hero sa isa’t isa, napaliligiran sila ng iba pang Katutubong tauhan. Ang ikalawang pagtatagpo sa nobela ay sa pagitan ni Sunny bilang di-katutubo at mga Lambayan bilang mga Katutubo. Matapos tanggapin ni Sunny ang trabaho bilang litratista para sa librong isinusulat ni Hero, bumisita sila sa ili ng mga

Lambayan, isang grupo ng mga Igorot na matagal daw na walang kontak sa mga tagalabas. Kung muling ilalapat sa pagtatagpong ito ang konsepto ng contact zone, bagaman hindi na pag-ibig bilang kontak, maaaring ilarawan bilang palitan ang ugnayan sa pagitan ni Sunny at mga Lambayan.

Bilang isang babaeng tagapatag, iba ang kinalakhang kultura ni Sunny kahit pa mayroong bahay ang kanyang ina sa Mt. Province. Sa kanyang pagdating sa Kanayama, ang komunidad ng mga Lambayan, napansin niyang mayroong mga bulaklak sa pinto ng kubong nakatalaga para kay Hero:

Papasok na sana si Sunny sa kubo nang mapansin ang pulumpon ng bulaklak ng kalabasa sa harap ng kubo sa tapat niya. “Ang dami namang bulaklak ng kalabasa doon. Para saan ‘to?” Ganoon ba sumalubong ang mga tao sa Kanayama? Napansin niya ang pirasong papel na nakabilot sa bawat tangkay ng bulaklak. “May pangalan pa ng mga babae.”

“Kubo ‘yon ni Sir Hero. Ang mga babaeng may gusto sa kanya, nag-iiwan ng bulaklak.”

“Ah!” sabi niya at tumango. “Parang babae ang nanliligaw.”

Tumikhim ang babae. “Ang mga babae na gustong makaniig ang isang lalaki ay nagbibigay ng bulaklak sa lalaking gusto niya.”

Niig? As in sex? Mga babae mismo ang nagpo-propose?

Bigla naibalik ni Sunny ang bulaklak sa hagdan ng kubo. Parang napaso siya. Gusto niya si Hero pero hindi sa ganoong level. (Sofia 2017, 131).

Sa reaksiyon ni Sunny sa kaugaliang ito, mababanaagan ang paglihis ng nobela sa isa pang obserbasyon ni Goldie (1989) tungkol sa mga nobelang mayroong babaeng awtor at bida. Aniya, malimit nakaugnay ang pagkakakilanlan ng huli sa “seksuwal na kontak sa isang lalaking katutubo” (80, akin ang salin), subalit sa kaso ni Sunny, mapapansing hindi nakatuon ang kanyang pag-ibig sa pakikipagtalik. Gaya ng nabanggit, marahil dahil ito sa katotohanang hindi tahasang inilalarawan bilang Katutubo si Hero.

Samantala, habang may tila positibong pahiwatig itong paglalarawan ng nasabing kaugalian dahil ipinakikita ang Katutubong lipunan bilang mas liberal sa usapin ng pakikipagrelasyon at sex dahil pantay-pantay ang kababaihan at kalalakihan na malayang magmahal, ipinakikita ng reaksiyon ni Sunny ang kaibahan ng kultura. Dahil

kaugnay ng pagiging malaya ng Katutubo ang kanyang pagiging atrasado rin, hindi maaaring lumahok si Sunny sa nasabing kaugalian. Sa halip, kinuha niya ang mga bulaklak sa harap ng kubo ni Hero upang itago at mawala ang posibilidad na may tatanggapin si Hero. Hindi siya nakontento dito at namitas din siya ng mga bulaklak hindi upang ibigay kay Hero kundi upang walang bulaklak na maibigay ang ibang babae sa Kanayama kay Hero.

Sa kabilang banda, maaari ring iugnay ang negatibong reaksiyon ni Sunny sa suri nina McAlister, Parnell at Trinidad (2022) na isa ring katangian ng Tagalog romance pocketbook ang pagkiling sa mga romantikong “love scene” sa halip na mga “sex scene” na umaayon sa Katolikong pag-unawa sa pag-ibig at pakikipagtalik. Isang beses lamang nabanggit ang pagnanasang seksuwal sa nobela:

Habang ninanamnam pa niya ang sinabi ni Hero ay tinalikuran na siya nito. Hinubad nito ang T-shirt at piniga. Naka-side view ang lalaki sa kanya. She enjoyed the view of his lean body. Kung araw-araw ganito ang makikita niya...

Biglang natauhan si Sunny nang mapansin ang tinatakbo ng utak. Okay. Masyado pang maaga para sa ganyang level. Sunny, sa pag-ibig ka muna na puro at dalisay. (Sofia 2017, 127)

Kung gayon, mayroong pag-iiba sa pagitan ng tagapatag at tagabundok kung saan mas malaya ang huli kaysa sa una pagdating sa mga usaping seksuwal. Ihinihiwalay din ang pag-ibig, bilang dalisay at puro, sa pagniniig alinsunod pa rin sa Katoliko/Kristiyanong moralidad. Ani isang Katutubong babae sa nobela, “Sa tribu namin, malayang makapagpahayag ang kahit na sino ng pag-ibig nila sa isang tao, babae man o lalaki” (132).

Sa isa pang kaugalian ng mga Lambayan na mayroong kinalaman sa pakikipagrelasyon, ang kaftana, kapag daw nakahuli ang mga lalaking mangangaso ng usa na may tala sa noo, ang mga babae naman ay “kukuha ng matibay na baging at sisiluin nila ang lalaking gusto nila” (173) upang makasama nila sa buong magdamag. Paliwanag ni Hero,

Kapag ginalaw ng isang babae ang isang lalaki, he must be responsible for her well-being. Ibig sabihin, kailangan niyang alagaan ang babeng nagbigay ng sarili sa kanya. Tulad din kapag tinanggap ng isang lalaki ang bulaklak ng kalabasa ng isang babae. ‘Di ibig sabihin puwede silang maging liberal sa sex. It is a sign of a committed relationship. Kasal agad ang kasunod niyon. Kung ‘di pananagutan ng isang lalaki ang babae, kukunin ang ari-arian ng pamilya nila at ibibigay

sa pamilya ng babae. So nobody would dare cross the line without seriously considering marriage. The man must honor a woman's virginity and her body. (Sofia 2017, 176-77)

Sa kaugaliang ito, naroon pa rin ang paglalarawan sa mas malayang Katutubo: ang Katutubong babae ay maaaring makipaghihiwalay sa isang lalaking gusto niya *bago* ang kasal. Gayunpaman, inilalarawan din sa siping ito ang pagpapahalaga ng mga Katutubo sa kasal at pamilya, mga institusyong mahalaga rin sa Kristiyanismo. Sa mga engkuwentrong ito ni Sunny sa dalawang tradisyon ng mga Lambayan pagdating sa pakikipagrelasyon, mababanaag ang pagiging historikal ng mga Katutubo bilang bakas ng isang nakaraan "*bago*" ang pagdating ng mga kolonyalista, i.e. isang prekolonyal na panahon. Sa usapin ng pagpapahayag ng pag-ibig at paghihiwalay, halimbawa, tila hinaharaya ang isang mas malayang panahon para sa pag-iibigan na hindi nababahiran ng kolonyal-Kristiyanong konsepto ng moralidad: ang Katutubo bilang malaya dahil nagsasarili. Dahil nabibilang ang mga Katutubo sa panahong ito, maaaring magpahayag ang mga Katutubong babae ng kanilang pag-ibig, isang bagay na hindi lubos na nauunawaan ni Sunny. Isa itong kabalintunaan dahil si Sunny mismo ay nagpasyang hanapin si Hero sa simula ng nobela upang ipahayag ang kanyang pag-ibig.

Isa namang mahalagang ugnayan sa nobela ang nabuo sa pagitan nina Sunny at Salima, isang Katutubong babaeng buntis sa kanyang unang anak na mayroong pangarap na maging litratista, manunulat, at manlalakbay din. Tinuruan siya ni Sunny bilang mentor na humikayat sa kanyang kamtin ang pangarap niya at nagpahiram ng camera: "Kung gusto mong magsulat ng kuwento o kumuha ng pictures, gawin mo" (Sofia 2017, 151). Dito, umuugnay si Sunny bilang di-katutubong babae sa isang Katutubong babae ayon sa kasarian at may pahiwalat ng pagkakapareho. Sa isang tagpo, sinabi ni Salima kay Sunny na ayaw niyang makulong lamang ang kanyang anak sa Kanayama na kagaya niya, na gusto niyang maging piloto, manggagamot o inhinyero ang anak, na malaya ang kanyang anak na lumayo basta babalik din upang makatulong sa ibang kabataang Lambayan.

Sumisilip naman dito ang isang maaaring bunga ng pagtuklas (bagaman maaaring hindi sa lahat ng pagkakataon): ang pagbabagong-anyo ng Katutubo. Sa proyekto ng kolonyalismo, isa sa mga tungkuling iniatang ng mga kolonyalista sa kanilang sarili ang "pagdadala ng sibilisasyon" sa mga Katutubo. Sa kaso ni Salima, inilalarawan ang kapasidad ng Katutubo na magbago o umunlad ayon sa tulong ng di-katutubo. Dahil sa mentorship ni Sunny, nakalikha si Salima ng isang kuwentong pambata na may kalakip na mga litratong kinuha niya. Ipinalabas ang kuwento ni Salima sa isang pagtitipon sa Kanayama, dahilan upang matakot si Salima dahil una nang nagpahayag ng

pagtutol ang ng asawa niyang lalaki, si Sikandro.

Nang malaman ni Sikandro na tinuturuan ni Sunny ang kanyang asawa kung paano kumuha ng litrato at magkuwento gamit ang mga ito, nagalit siya: “Ang problema, hindi ninyo kayang kontrolin ang bayan. At gusto nila na igaya sa kanila ang asawa ko. Ayoko nang mangarap siya ng mga bagay na imposible” (Sofia 2017, 189). Ayon naman kay Salima, ayaw ni Sikandro (na Kantar ang pangalan sa ikalabindalawang kabanata, at marahil nakaligtaan sa proofreading) na mag-aral siya dahil naninibago ang kanyang asawa “sa konsepto na puwedeng mag-aral ang mga tagarito [sa Kanayama] o magkaroon ng bagong kaalaman” (150). Naulit itong paglalarawan sa kanya sa isang hiwalay na tagpo kung saan, ayon sa isa pang Katutubong tauhan na si Langkawan, isa si Sikandro sa mga Lambayan na di sumasang-ayon sa “pagpapasok ng bagong kaalaman at mga dayuhan sa ‘ming komunidad” (160).

Mababanaag sa ganitong paglalarawan kay Sikandro ang ahistorikal na pagtingin sa Katutubo bilang walang kapasidad ng pagbabago. Isinusulong ng ganitong paglalarawan ang kaibahan ng Katutubo at di-katutubo at salungatan ng tradisyon at modernidad. Maaaring kumiling ang pagtuklas, bagaman muli ay hindi sa lahat ng pagkakataon, sa modernidad. Subalit gaya ng makikita sa sipi, itinatangi ng mga Katutubo ang modernidad, at kung gayon sila ay nananatiling atrasado.

Mahalagang banggitin ang pagtatangkang rehabilitasyon sa ganitong paglalarawan sa mga Katutubo sa nobela. Matapos ang pagtatanghal ng kuwento ni Salima, natuwa si Sikandro at nagpasalamat kay Sunny. Humingi din siya ng tawad sa asawa:

“Patawarin mo ako kung hindi ako sanay sa gawi ng mga taga-bayan. Simple lang ang buhay natin dito sa Kanayama. Ang iniisip ko lang, ang bubuuin nating pamilya. Akala ko, hanggang doon lang ang kakayahan na puwede mong ipakita.” (Sofia 2017, 194)

Sa siping ito, tila biglaan ang pagbabago ng isip ni Sikandro, bagaman lohikal naman dahil napanood niya ang nilikhang kuwento ni Salima, at maaaring basahin bilang pagkiling din sa modernidad, pagbabago, at kaunlaran. Hindi tumutol si Sikandro nang ipanukala ng kanyang asawa na siya ang magiging modelo ng susunod na kuwento ni Salima. Binubuksan ng mga paglalarawan kina Salima at Sikandro ang posibilidad ng pagbabago ng mga Katutubo, nagpapahiwatig na maaaring humulagpos ang mga Katutubo mula sa komoditi ng prehistoriko, bagaman dahil sa tulong ng di-katutubo. Si Sunny ang dahilan kung bakit natuklasan ni Salima ang kanyang talento, at siya rin ang dahilan kung bakit napagtanto ni Sikandro na magaling ang

kanyang asawa; kung wala si Sunny, walang posibilidad ng pagbabago. Pinagtitiyap sa nobela, kung gayon, ang papel ng di-katutubo, bagaman hindi puti, bilang tagapagligtas o tagasagip ng Katutubo mula sa kanilang kamangmangan at atrasadong pamumuhay at kultura. Sa pamamagitan lamang ng tulong at pahintulot ng di-katutubo maaaring magbago ang Katutubo, isang pahiwaing na maaaring gamitin upang bigyang-katwiran ang pagtuklas.

Ang Katutubo at Pagbabago

Palagi ring bumabalik ang pagtuklas sa kaibahan ng Katutubo at di-katutubo. Pinakamatingkad ito sa ikatlong pagtatagpo sa nobela na naganap sa pagitan nina Sunny at Jeyrick Sigmato, ang 'tunay' na Carrot Man, sa bandang huli ng nobela. Inspirado ang nobela ng totoong pagsikat at pagiging viral ng mga litrato ni Jeyrick, dahilan upang mabilis siyang maging sikat na celebrity. Ayon kay Telles (2021), nakasandig ang selebripikasyon ni Jeyrick sa pagbasag ng kanyang 'discovery' bilang celebrity sa namamayaning pananaw na iisa lamang ang hitsura, pisikal na anyo, at katangian ng mga katutubong Igorot. Salungat sa imahen ng Igorot na "pandak, maitim, pango, kulot ang buhok, may mga malalaking paa, may buntot, at nagsusuot pa rin araw-araw ng kanilang mga tradisyunal na kasuotan tulad ng mga bahag", nagulat ang mga netizens dahil "wala sa itsura niya" [sic] (107) ang pagiging Igorot.

Sa nobela, nang umuwi si Sunny mula sa Mt. Province at habang may hindi pagkakaintindihan sa pagitan niya at ni Hero, siya na ang naging opisyal na litratista ni Jeyrick. Hindi na lamang iniibig ang katutubong Igorot kundi subheto rin ng sining ng larawan. Sa kanilang unang pagkikita, sinabi ni Sunny kay Jeyrick:

Na-inspire mo ang mga kapwa Igorot mo at mga kapatid nating indigents [sic] sa ibang bahagi ng Pilipinas. Sa loob ng mahabang panahon, hindi sila napapahalagahan. Lagi pa silang minamaliit ng iba, lalo na ng mga taga-city. 'Di sila aware sa magandang kultura at kaugalian ninyo. Kulang ng representation. Kulang ng tulong ng gobyerno. Pero dahil sa 'yo, napag-uusapan na uli ang mga Igorot. Napapansin na rin ang ibang indigents [sic]. Nailalabas nila ang mga talent nila. Naging inspirasyon ka. (Sofia 2017, 219)

Ipinahihiwatig nito ang kamalayan ni Sunny tungkol sa marhinalisasyong dinaranas ng mga Igorot sa gilid ng lipunan. Binigyang-daan ng selebripikasyon ni Jeyrick ang unti-unting pagsesentro sa kanya at, sa kabuoan, ng mga katutubong Igorot. Subalit namamantsahan ang kamalayang ito ng isa pang eksena sa nobela:

"What are you expecting, Sunny? Na magbahag si Jeyrick?" tanong ng manager ni Jeyrick na si Bevez Lorenza at nang-iinsultong tumawa.

"Yes. That's him. *That's the real him.*"

"Hindi na siya ang Jeyrick na nakunan mo ng picture sa bundok. He has a different image now..."

"Kaya siya nagustuhan ng mga tao dahil sa pagiging simple niya. Don't take that away from him or you will strip his soul." Hinablot ni Sunny ang picture ni Jeyrick na nagbubuhay ng carrot. "Ito si Jeyrick. *So unassuming. Very natural.* You can turn him into a high fashion, editorial model but he became a novelty because of this. *Ito ang kaibahan niya sa iba.*" (224; akin ang mga diin)

Bagaman ipinakikita rito ang negatibong epekto ng transpormasyong dinaranas ng katutubong Igorot sa kanyang selebripikasyon upang "higit na maiayon pa ang kanilang mga pisikal na anyo sa kung ano ang idinidikta ng kaisipang kolonyal" (Telles 2021, 111), ipinahihiwatig din ng sipi ang paniniwala ni Sunny sa katotohanan o authenticity ng pagkakatatubong.

Malimit na nakahilig ang konsepto ng authenticity sa isang posisyong essentialist (at nativist din) kung saan itinuturing na "tunay" na katutubo ang ilang kaugalian samantalang kontaminado o hybridized ang iba (Ashcroft, Griffiths at Tiffin 2025). Bagaman, sa isang banda, nagsisilbing marker ng identidad ang mga kakanyahan ng isang kultura na maaaring ituring bilang "katutubo", dapat ding kilalanin na nagbabago ang kultura. Lalo na sa isang postkolonyal na konteksto, mababanaag ang mga pagbabago sa mga kulturang 'katutubo' dahil sa epekto ng kolonyalismo sa mga katutubong wika, tradisyon, relihiyon at naratibo. Isa sa mga problemang iniaanak ng "mito ng authenticity" ang kalituhan sa pagkabalido ng boses ng subaltern, o iyong mga pangkat na ipinapailalim at napapailalim sa gahum ng mas makapangyarihang pangkat:

Alam nating pinagsasamantalahan ang mga taong nabibilang sa subaltern, subalit paano natin ito nalalaman? Paano maaaring isasalita ang pananamantalang iyon? Kahit na maaaring makita ang 'pagsasalita' ng subaltern, mayroong tunay na pagkabahala kung talagang subaltern na boses nga ang pinakikinggan natin, o kung ang subaltern na ito ay isinasalita ng posisyon ng subheto na sumasaklaw sa mas malawak na ekonomiyang diskursibo. (Griffiths 1995, 240, akin ang salin)

Sa pagitan ng mga Katutubo at di-katutubo, umaayon ang una sa gahum ng huli na siyang umaapela sa mito ng authenticity. Para sa mga di-katutubo, maaari lamang ituring bilang Katutubo ang mga pangkat na hindi kailanman naimpluwensiyahan ng mga banyagang elemento, i.e. hindi kontaminado at hindi hybridized, kundi dalisay, puro at “tunay.” Gayundin, balido lamang ang boses ng Katutubo kung mapatutunayan niya ang pagkadalisay ng kanyang pagkakatatutubo.

Subalit walang listahan ng mga katangian ng pagkakatatutubo na magiging totoo sa lahat ng Katutubo sa buong mundo. Sa halip, ayon kay James Clifford (2001), maaaring dalumin ang pagkakatatutubo sa pamamagitan ng teorya o dulong ng “artikulasyon” kung saan tinutunggali ang dalawang malaganap na pagtingin sa kalikasan ng pagkakatatutubo: una, na tungkol ito sa mga primordiyal at transhistorikal na kaugnayan gaya ng mga tradisyon at batas, at, ikalawa, na umusbong ito sa ilalim ng postmodernong identity politics matapos ang dekada 60. Iwinawaksi ng dulong ng artikulasyon ang dalawang pagtingin na ito dahil sa kanilang pagsasantabi sa mga kontemporaryong realidad ng Katutubo na bunga ng kanyang mahabang kasaysayan ng pag-angkop at pagbabago. Sa halip, mas mainam na ituring ang pagkakatatutubo bilang isang identidad na ipinapahayag (articulated), at hindi ito isang “listahang ubod ng mga mahahalagang katangiang ‘katutubo’” (472, akin ang salin). Maaaring iugat ang pagkakatatutubo sa komonalidad ng mga pangkat sa buong mundo na tinatawag ang sarili bilang Katutubo. Sa halip na mga katangiang esensiyal, para kay Clifford, maaaring bumaling sa kasaysayan bilang potensiyal na tagapag-ugnay (bagaman hindi palagian) ng mga Katutubong pagkilos dahil sa mga nagsasalikop nilang karanasan laban sa imperyalismo, bagaman magkakaiba ang kanilang kasaysayan at kultura:

Sinasalungat nila ang kapangyarihan ng mga nasyon-estadong may layong asimilasyonista, at lumilikha ng malakas na argumento tungo sa pagsasarili o iba’t ibang anyo ng soberanya. Sa mga nagdaang dekada, umusbong ang mga positibong diskurso tungkol sa komonalidad ng pagkakatatutubo na pinag-uugnay itong saklaw ng mga suliranin sa kasaysayan: ang iba’t ibang kilusang pan-Indian, pan-Aboriginal, pan-Mayan, katutubong “Arctic,” kabilang na ang lumalawak na network ng mga koalisyong sa ikaapat-na-daigdig. (Clifford 2001, 472; akin ang salin)

Kaakibat ng authenticity ang pagtatakda ng mga katangiang nagbibigay-katuturan sa pagkakatatutubo. Sa nobela, maliban sa pagsusuot ng bahag bilang tanda ng pagiging “totoong” Igorot, itinuturing din ni Sunny si Jeyrick bilang “simple” at “natural”. Para

sa kanya, si Jeyrick ay isang estatikong karakter na mayroong likas na mga katangiang hindi maaaring mabago.

Gayunpaman, mapasusubalian ang ganitong pananaw ng mismong pagbubuo ng imahen ni Jeyrick sa loob mismo at sa pamamagitan ng nobela—sa pamamagitan ng mga litrato ni Sunny, sa mga panayam sa kanya ng iba't ibang media outfit, at sa mga komento tungkol sa kanya ng netizens. Isang katibayan ang konstruksiyon ng katauhan ni Jeyrick sa transpormasyon (at daynamikong kapasidad) ng Katutubo, bagaman mas malimit na itinatakda para sa kanya ang pagbabago sa halip na batay sa kanyang sariling pagpapasya.

Bilang celebrity, nakasalalay ang kanyang imahen sa pagkakakilanlan niya bilang Katutubo, partikular sa kanyang mga katangiang esensiyal—simple, natural, *unassuming*—mga kaibahang inianak ng kasaysayan, kung susundin si Clifford (2001). Subalit mahalaga rin ang ginagawang pagsalungguhit ng nobela sa kanyang kaibahan mula sa kanyang mga kapwa-Igorot, na sa kabila ng kanyang pagkakatatutubo ay maaari siyang magbagong-anyo bilang “high fashion editorial model” at celebrity. Nagtatalaban sa paglalarawan kay Jeyrick ang magkatunggaling layon ng kolonyalismo: sa isang banda, ang ‘pagdadala’ ng mga Katutubo sa kasalukuyan sa pamamagitan ng pagbabagong-anyo at sibilisasyon, at sa isang banda naman, ang pagpapanatili sa nakaraan ng mga Katutubo na walang kapasidad ng pagbabago.

Ang Politika ng Nagpapatuloy na Pagtuklas

Ang tropo ng pagtuklas bilang proyekto ng kolonyalismo ay hindi natapos kundi nagpapatuloy, lagpas sa dokumentasyon ng kaibahan at ugnayan tungo sa pagpapanatili ng mga Katutubo sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan. Malaki ang puwang ng paglalarawan at representasyon sa makabagong tropo ng pagtuklas dahil lagpas sa pag-angkin sa lupa, teritoryo at karapatan ng mga Katutubo, tinutuklas ng di-katutubo ang Katutubo bilang bakás ng kasaysayan. Bilang isang tropo ng signifikasyong kolonyal, laganap ang ‘pagtuklas’ hindi lang sa panitikan kundi maging sa midya. Kaya naman maaari pang palawigin ang tropo ng pagtuklas bukod sa *You're My Shining Star*, halimbawa kung paanong ‘natuklasan’ si Jeyrick Sigmaton sa totoong buhay, o ang ‘pagkakatatuklas’ kay Badjao Girl, isa ring Katutubong sumikat sa social media.

Ngunit hindi naman maikakaila na limitado ang pagtingin sa tropo ng pagtuklas bilang ginagawa lamang ng mga di-katutubo. Hindi ba maaaring tumuklas ang mga Katutubo, gaya ng pananaliksik ni Hero bilang isang antropologo? Paano kaya kung ang tumutuklas ay mayroong dugong Katutubo subalit hindi lumaki bilang Katutubo, gaya sa nobelang *Igorotdō: The Enlightened Warrior Within* (2013) ni

Rexcrisanto Delson? Sa nobelang ito, ang protagonistang si Alex ay isang migranteng Ilokano sa Amerika at mayroong mga ninunong Igorot, at mayroon din siyang dugong Hapon. Paano naman kaya kung ang tinutuklas ay di-katutubo at ang tumutuklas ay Katutubo, gaya sa nobelang *Wild Song* (2023) ni Candy Gourlay? Sa nobelang ito naman, isa ang protagonistang si Luki sa mga Igorot na dinala sa Amerika upang maging bahagi ng St. Louis World Fair. Sa mga nabanggit na halimbawa, tila nagiging mabuway ang pagkakaiba sa pagitan ng paglalarawan-sa-sarili at tropo ng pagtuklas. Dahil sa mga posibilidad na ito, nais kong salungguhan na paunang pagtatangka lamang ang papel na ito sa paggalugad sa tropo ng pagtuklas at nananatiling bukas sa mga tunggalian ng mga kahulugan na maaaring mabuo sa mga teksto at diskursong umiiral tungkol sa pagkakatatutubo.

Nais ko ring bigyang-pansin ang aking posisyonality bilang inapo at anak ng mga Ibaloy mula sa Benguet sa panig ng aking ina, subalit hindi ako lumaki bilang Ibaloy. Gaya ni Hero, maaari din kayang lumalahok ako sa pagtuklas sa mga Katutubo dahil gumagamit ako ng wikang akademiko? Sa papel na ito, halimbawa, pangunahing nakaugat ang aking pag-unawa sa pagkakatatutubo sa aking kinabibilangang disiplina at mga kaakibat nitong lente, teorya, metodo at diskurso sa halip na pansarili at pampamilyang danas. Kung maituturing ito bilang pagtuklas, ibig sabihin ay maaaring palawigin pa ang pagtuklas hindi lamang ayon sa kinabibilangang panig ng tumutuklas kundi maging sa ginagamit niyang wika at pamamaraan sa paglalarawan sa mga Katutubo.

Mainam ding tuonan ng pansin ang may-akda ng *You're My Shining Star* bilang di-katutubo. Gusto kong bumaling sa isang tinuran ni Sunny sa nobela nang tanungin siya ni Amira, pinsan ni Hero, tungkol sa kanyang pananaw sa kultura at tradisyon ng mga Katutubo:

In my own way as a photographer, I want to preserve their culture. Sa mundong 'to na nilalaman na ng globalization ang lahat at naglalaho na ang katutubong kultura, mahalaga po sa 'kin na ma-capture ang pamumuhay nila. Baka sakaling kapag nakita ng bagong henerasyon, ma-appreciate nila. Ganoon din sa mga taong mababa ang tingin sa mga katutubo. Gusto ko na makita nila na dapat irespeto ang gawi at paniniwala ng iba. Walang mas superior na kultura at tradisyon sa iba. (Sofia 2017, 79)

Gusto kong punahin dito ang paggamit ng mga salitang 'preserve' at 'capture' kaugnay ng Katutubong kultura. May kapasidad ng pagbabago ang mga Katutubo, kahit pa pilit na itanggi ito sa tropo ng pagtuklas. Kung nagbabago ang mga Katutubo, malamang nagbabago rin ang kultura kaya malabong preserbahin ang kabuoan ng isang

kultura. Bagaman maaari namang i-capture ang estatikong estado ng mga subheto, kailangan ding bantayan na hindi ito mauuwi sa pagturing sa Katutubo bilang estatiko, na ang 'natural' at 'likas' na kalagayan nila ay bilang labí lamang ng kasaysayan.

Nagtatangka ang *You're My Shining Star* na lumahok sa proyekto ng nagpapatuloy na pagtuklas at Katutubong representasyon. Bukod sa pagiging romantikong nobelang ang awdyens ay mga babaeng nabibilang sa mababang-gitnang uri at mataas-na-mababang uri, maaari ding ituring bilang awdyens ang mga di-katutubo dahil pinagtitibay dito ang mga imahen ng Katutubo na ipinamana ng mahabang panahon ng kolonyalismo sa Pilipinas bilang pag-ayon sa mga inaasahan ng nakararaming di-katutubo tungkol sa mga Igorot at bilang pagpapatuloy ng pagtuklas.

Kailangan ding pansinin na mayroong itinataguyod na adbokasiya ang nobela para sa mga "indigents" [sic] sa loob mismo ng teksto. Ilan sa mga ito ang ugnayan ng kalikasan at mga Katutubo; sa isang tagpo, nabanggit na nagkagulo at nahati ang mga Lambayan nang dumating ang isang kompanya ng pagmimina sa kanilang pamayanan. Banggit naman sa paunang salita ng may-akda:

I always had a fascination with Cordillerans and the Igorots. Mula sa *Silang*, *The Fierce Warrior* na inilabas sa TV bilang *Hiyas* hanggang sa *Skylander Series* at *Barely Heiresses* na sa Cordillera ang setting ng kuwento.

Hanggang mapadpad sa newsfeed ko ang mysteryosong si Carrot Man. Nabuo ko ang concept niya dahil napakamisteryoso ng dating niya. Everyone wants to find him and get to know him. Kasama na ako doon. (Sofia 2017)

Sa kanyang pagnanais na tuklasin kung sino si Carrot Man, lumalahok ang nobelista sa nagpapatuloy na pagtuklas sa katutubong Igorot na nagsimula noong panahon ng kolonyalismong Espanyol kung kailan nilikha ang pagkakaiba sa pagitan ng mga tagapatag at tagabundok. Maaari ding bigyang-pansin itong 'fascination' ng di-katutubo sa tropo ng pagtuklas: ano ang nag-uudyok sa mga di-katutubo na gawin ang pagtuklas sa Katutubo?

Sa isang sanaysay tungkol sa politika ng representasyon, pinuna ni Stuart Hall ang "antas ng fetishismo, obhektipikasyon, at negatibong paglalarawan na malaking bahagi ng representasyon ng itim na subheto" (nasa Ashcroft, Griffiths and Tiffin 1995):

Maraming mukha ang mga politika at estratehiyang pangkultura na umusbong bilang tugon sa kritikang ito, subalit mayroon itong dalawang pangunahing obheto: una ang suliranin ng akses sa karapatan ng mga itim na manlilikha

at manggagawang pangkultura sa kanilang sariling representasyon. Ikalawa, ang pagtunggali sa marhinalidad, ang estereotipikal na kalidad at fetishtang kalikasan ng imahen ng mga itim, sa pamamagitan ng kontra-posisyon ng isang 'positibong' imahen ng itim. Tinugunan ang mga estratehiyang ito upang baguhin ang tinatawag kong mga 'ugnayan ng representasyon.' (223-24, akin ang salin)

Tinutukoy niya rito ang danas ng mga itim na Jamaican, gaya niya, bilang mga subheto ng imperyong Briton. Aniya, mayroong pagbaling ng tuon mula sa mga 'ugnayan ng representasyon' tungo sa 'politika ng representasyon' kung saan kinikilala ang "pambihirang diversidad ng mga subhetibong kalagayan, panlipunang karanasan at kultural na pagkakakilanlan na bumubuo sa categoryang 'itim'" (225). Maaaring ilapat ang kanyang puna sa danas ng mga Katutubo sa Pilipinas sa larang ng representasyon. Sa isang banda, maaaring magkaroon ng akses sa mga kasangkapan ng representasyon upang tunggaliin ang marhinalisasyon, upang 'umahon' ang Katutubo mula sa gilid ng lipunang Filipino. Gayunpaman, ang mga kasangkapan na ito ay madalas na hawak ng mga di-katutubo, gaya ng ipinakikita sa ugnayan nina Sunny at Salima. Sa isang banda naman, pinananatili ang Katutubo sa nakaraan bilang artifak o relic na umaayon sa mga imaheng laganap sa mga di-katutubo, gaya ng makikita sa mga ugnayan ni Sunny at ng mga Lambayan.

Kinikilala sa nobela ang pag-iral ng pagkakatatutubo sa isang multi-etnikong bansa gaya ng Pilipinas, ngunit sa kabilang banda ay tanda rin ito ng pananatiling hiwalay at iba ng mga Katutubo. Mabuti man ang layon sa pagtatangka ng *You're My Shining Star* na magkaroon ng mas positibong representasyon ng mga Igorot, hindi maaaring gamiting pasintabi ang genre nito bilang romance pocketbook sa mga kakulangan ng representasyon nito sa pagkakatatutubo. Kaya naman nananatili ang pangangailangan ng panulat na nagbibigay sa mga Katutubo ng akses sa kapangyarihan na hindi ikinakaila ang kanilang kaibahan mula sa lipunan (Fee, nasa Ashcroft, Griffiths and Tiffin 1995). Samantalang naipakikita naman ang kaibahan ng Katutubo at di-katutubo sa nobela, makikita pa rin dito ang maraming pamana ng kolonyal na signifikasyon. Dahil sa nagpapatuloy na pagtuklas, naitataguyod ang mga imahen ng Katutubo at Igorot gaya ng tinukoy ni Scott (1974): mabangis, malaya dahil nagsasarili, at hindi sibilisado. Kahit mayroong pagkilala ang nobela sa kaibahan ng mga Katutubo, nakasandig pa rin ito sa pagkakaiba ng mayroong kabihasan at wala, ng sibilisado at hindi, ng nakaraan at kasalukuyan. Sa huli, kailangang idiin ang posibilidad ng mga kuwentong pag-ibig sa pagitan ng tagapatag at tagabundok, ng Igorot at di-Igorot, kung saan walang duda

ang mga posibilidad ng ugnayan, kapangyarihan, at pagkakaunawaan sa kabila ng kaibahan ng kultura.

Tungkol sa May-Akda

Si John Rey Dave P. Aquino ay Instruktor sa Wika at Panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio. Kasalukuyan siyang mag-aaral ng MA Language and Literature sa parehong pamantasan, kung saan nagtapos din siya ng digring BA Language and Literature. Interesado siya sa pananaliksik tungkol sa panitikan ng Pilipinas, kulturang popular, pagkakatutubo at etnisidad, at wikang Filipino. Sumusulat din siya ng katha sa Filipino at Ingles, at naging fellow ng Ateneo National Writers Workshop noong 2019 at Palihang Rogelio Sicat noong 2021.

Mga Sanggunian

- Ashcroft, Bill, Gareth Griffiths at Helen Tiffin, mga ed. 1995. *The Post-Colonial Studies Reader*. Routledge.
- Ashcroft, Bill, Gareth Griffiths at Helen Tiffin. 2025. *Postcolonial Studies: The Key Concepts*. Ika-4 na ed. Routledge.
- Clifford, James. 2001. "Indigenous Articulations." *The Contemporary Pacific* 13 (2): 468–490. <https://doi.org/10.1353/cp.2001.0046>.
- Fee, Margery. 1995. "Who Can Write as Other?" Sa *The Post-Colonial Studies Reader*, inedit nina Bill Ashcroft, Gareth Griffiths at Helen Tiffin. Routledge.
- Fong, Jimmy B. 2006. "Pop Culture Production in the Philippine Cordillera." *Plaridel* 3 (1): 27–52. <https://doi.org/10.52518/2006.3.1-02jfng>.
- GMA News. 2016. "ICYMI: Narito ang kuwento ni "Carrot Man" Jeyrick Sigmaton, na itinampok ngayong gabi sa Kapuso Mo, Jessica Soho (One at Heart, Jessica Soho). #KMJS11." Facebook, Pebrero 28, 2016. <https://www.facebook.com/gmanews/posts/10153749139561977>.
- Goldie, Terry. 1989. *Fear and Temptation: The Image of the Indigene in Canadian, Australian, and New Zealand Literatures*. McGill-Queen's University Press.
- Griffiths, Gareth. 1995. "The Myth of Authenticity." Sa *The Post-Colonial Studies Reader*, inedit nina Bill Ashcroft, Gareth Griffiths at Helen Tiffin. Routledge.
- Hall, Stuart. 1995. "New Ethnicities." Sa *The Post-Colonial Studies Reader*, inedit nina Bill Ashcroft, Gareth Griffiths at Helen Tiffin. Routledge.
- Isla, Carlo P. 2016. "Jeyrick 'Carrot Man' Sigmaton: Proud akong maging isang Igorot." *GMA News Online*, Pebrero 28. <https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/>

- kapusomojessicasoho/557113/jeyrick-carrot-man-sigmaton-proud-akong-maging-isang-igorot/story/.
- Jurilla, Patricia May B. 2008. *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines*. Ateneo de Manila University Press.
- McAlister, Jodi, Claire Parnell and Andrea Anne Trinidad. 2023. *Publishing Romance Fiction in the Philippines*. Cambridge University Press.
- Miller, Robert J. 2011. "The International Law of Colonialism: A Comparative Analysis." *Lewis and Clark Law Review* 15 (4): 847–922. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=1920009.
- Molintas, Jose Mencion. 2004. "The Philippine indigenous peoples' struggle for land and life: Challenging legal texts." *Arizona Journal of International and Comparative Law* 21 (1): 269–306. <https://repository.arizona.edu/handle/10150/659142>.
- Pitlongay, Rachel. 2019. "Love as a Contact Zone: Highland-Lowland Conflict and Negotiation in Three Philippine Cultural Texts." *Southeast Asian Review of English* 56 (2): 43–55. <https://doi.org/10.22452/sare.vol56no2.5>.
- Saboy, Scott Magkachi. 2012. "Voicing Ethnicity: Traditional Referentiality, the Ullalim, and Kalinga Ethnopol." *The Cordillera Review: Journal of Philippine Culture and Society* 4 (2): 37–64. <https://doi.org/10.64743/OBID6114>.
- Scott, William Henry. 1974. *The Discovery of the Igorots: Spanish Contacts with the Pagans of Northern Luzon*. New Day Publishers.
- Singh, Jyostna G. 1996. *Colonial Narratives/Cultural Dialogues: "Discoveries" of India in the Language of Colonialism*. Routledge.
- Sofia. 2017. *You're My Shining Star*. Precious Pages Corporation.
- Solang, Benedict. 2017. *Dap-ay Discourse Uno*. Northern Media Information Network.
- Telles, Jason Paolo. 2020. "Local Film Production in the Philippine Cordillera: Processes, Motivations, and Constraints." *Plaridel* 17 (2): 99–122. <https://doi.org/10.52518/2020.17.2-05telles>.
- Telles, Jason Paolo. 2021. "Trending and Othering: Ang Kaso nina Carrot Man, Badjao Girl, at Panagbenga Hotties." *Sa Hindi Nangyari Dahil Wala sa Social Media: Interrogation ng Kulturang New Media sa Pilipinas*, inedit nina Rolando B. Tolentino, Vladimeir B. Gonzales, at Laurence Marvin S. Castillo. Ateneo de Manila University Press.
- Tindaan, Ruth M. 2010. "Imaging the Igorot in Vernacular Films Produced in the Cordillera." *The Cordillera Review: Journal of Philippine Culture and Society* 2 (2): 81–118. <https://doi.org/10.64743/TWKU8105>.